



Gawin ng Mabuti Kahit ang mga Maliliit na Bagay sa Harap Mo

Principal Atsushi Ebara

Ang sumusunod na nilalaman ay isinulat ng isang Grade 4 student sa kanyang self-study notebook. (Dahil sa bilang ng character, malaking bahagi ang na-edit dito)

“Pagbalik ko sa classroom galing sa paglilinis, nakita ko na inaayos ng isang nagtatrabaho sa lunch room ang lunch wagon. At napansin ko ang inaayos nya ay mga milk cartons. Hindi ko inakala na trabaho rin nya na ayusin ang mga milk cartons na tumaob o nakabaliktad. Pero naisip ko kung hindi nya aayusin ang mga ito, mamomroblema rin ang ibang tao. Ito ay kaya nating gawin kung ang bawa’t isa ay magbibigay pansin. Naisip ko na gawin natin gaano man kaliit na bagay, na huwag tayong tamarin, at isipin natin ang maidudulot nito sa hinaharap. Para sa akin ang una kong gagawin ay ang maayos kong paglagay ng aking milk carton sa wagon”.

Napakaganda ng nilalaman ng sinulat niya kaya pumunta ako sa kaniyang klase upang magpasalamat.

Ang buhay natin ay isang serye ng ganitong maliliit na bagay. Kung sasabihin natin sa exaggerated na paraan, ang nagpatong-patong na maliliit na bagay na ito ang pamamaraan ng buhay ng tao, ang kanyang buhay mismo. Gaya nga ng sinabi ng major leaguer na si Ichiro, “ang kanyang malaking record ay karugtong ng nabuo nyang maliliit na bagay”.

Inaalagaan ng ating paaralan ang mga batang kayang gawin ito.

Napagtanto kong muli na mahirap gawin ito kung wala ang suporta ng mga magulang at mga taga-komunidad.

Ako ay taos pusong nagpapasalamat sa suportang ibinigay ng

【Pakikipag-ugnayan Ukol sa Pansamantalang Pagsara ng Paaralan】

- Period ng Temporary School Closure at Iba Pa
 - Temporary School Closure Period March 2 ~ March 25
 - Spring Break Period March 26 ~ April 5
- Pakikipag-Ugnayan sa Panahon ng Temporary School Closure at Spring Break
 - Ang pangunahing paraan ng pakikipag-ugnayan namin sa anumang oras ay sa pamamagitan ng email at school homepage. Mangyaring tiyakin na basahin ang mga ito.
- Tungkol sa mga luuwing Bagay
 - Para sa kaligtasan, ilimitahan namin ang mga kagamitang ipapauwi sa bawat baitang. Ang ibang mga gamit ay ipapauwi namin sa paaralan para magamit sa susunod na taon. Ipinapakiusap namin na pagkatapos ninyo makontak ang class adviser ng inyong anak sa susunod na taon gawin ang pag-replenish ng mga school supplies.
- Tungkol sa Lunch Fee Refunds
 - Ibalalik sa school lunch account ang para sa mga Grade 6 at mga transferees.
 - Para sa mga enrolled sa susunod na taon, ilalagay ang refund sa kanilang lunch fees next school year.
- Tungkol sa mga Takdang Aralin sa Panahon ng Temporary School Closure at Spring Break
 - Mangyaring unawain na magkakaiba ang dami ng ibibigay na takdang aralin ayon sa sitwasyon ng bawat baitang.
 - Maaaring maisama ang hindi pa napapag-aralang paksa, ngunit hindi namin inaasahang gawin ninyo lahat ang mga ito, yung makakaya lamang. Maaari ninyong kunsultahin ang inyong mga textbooks para sa mga ito. Ifa-follow up natin ang mga paksa ng hindi napag-aralan sa susunod na baitang.
- Tungkol sa Iskedyul ng Kaganapan sa mga Susunod na Araw
 - Maliban sa graduation ceremonies, ika-kansela ang lahat ng kaganapan (kasama ang Parents' Meeting).
 - Ipapalam namin sa inyo ang tungkol sa graduation ceremonies matapos makipag-ugnay sa Board of Education.
 - Ang notification cards ay ipapamahagi sa susunod na school year. (Ipapamahagi naman ang notification cards ng mga Grade 6 students habang nasa period ng temporary school closure. Ipapalam namin ang tungkol dito sa mga susunod na araw.)
 - Ang ginaganap taon-taon na paghahanda sa bagong school year na ginagawa ng mga nasa Grades 1 at 5 ngayon (papasok na Grades 2 at 6) ay malalaman ninyo sa mga susunod na araw.
 - Ang entrance ceremony at ang paglahok ng mga papasok na Grades 2 at 6 sa seremonyang ito ay ipapalam namin sa mga susunod na araw.
- Tungkol sa Ligtas na Pamumuhay sa Panahon ng Temporary School Closure at Spring Break
 - Mangyaring sumanguni at mabigyang gabay kayo sa liham na hiwalay na ipinamahagi.
 - Ipinapakiusap namin na inyong iwasan ang paglabas labas hanggat maaari upang maiwasan ang pagkakasakit ng novel coronavirus.

Pagkatapos ng oras ng trabaho ng mga staff, papasok ang mga tawag sa answering machine.

(Weekdays) 18:00~7:30

(Holidays) Last Day (Sat • Sun • Holidays • School closure days)

(Long-Term Closure) 16:45~8:15 (Spring Break • Summer Break • Winter Break)

Bilang karagdagan, wala itong message recording function.

Ipinapalam namin ang Pangunahing Iskedyul sa Term 1 ng School Year 2020. (Plano sa Kasalukuyan)

Term 1 Opening Ceremony • Entrance Ceremony April 6 (Mon)

Term 1 Parents' Meeting Grades 1, 2 at 3 April 16 (Thurs) Grades 4, 5 at 6 April 17 (Fri) Wakakusa April 20 (Mon)

Sports Day May 30 (Sat) School Open House • School Orientation June 20 (Sat), 23 (Tues)

Ang detalye tungkol sa management policies at mga nakaplanong events para sa susunod na school year ay pag-uusapan sa Parents' Meeting sa April.



~ Mula sa Bawat Klase (Upper Grades) ~



Grade 6

(Adviser)

Panghuling taon ng buhay sa elementarya. Naranasan namin ang unang dalawang klase.

Maaaring pagkalungkot dala ng paghihiwalay at pag-aalala bilang nasa mataas na baitang. Ngunit bilang mga lider sa paaralan, nagampanan naming mag-alaga ng mga 1st graders at makasali sa iba't ibang mga kaganapan. Sa katunayan, malaking bagay ang aming nagampanan sa ika-70 taong anibersaryo ng paaralan.

Sa huling sports day, humanga ako sa seryosong nilang mga titig.

Sa Tateyama Traveling Classroom, pinakamagandang ala-ala ang tanawing nakita naming lahat.

Sa Music presentation, ang harmony na nilikha ng lahat. Para sa akin ang isang taon kasama ang mga 6th graders ay walang kapalit. Nagpapasalamat ako.

Simula sa spring ay isang bagong yugto. Inaasahan ko ang kanilang paglukso pasulong dulot ng kumpiyansang naipon nila sa 6 na taon.

Grade 6 Wakakusa

(Adviser)

Okamoto)

Kulang kulang na lang sa 20 days ang araw ng pagpasok at ang Grade 6 Wakakusa ay busy na. Sa ngayon sabay-sabay ang kanilang ginagawa mula sa Sudachi Party, preparasyon para sa Wakakusa farewell party at paggawa nila ng graduation book, kaya napapansin kong tense ang kanilang mga ekspresyon. Kapag napapagod sila pumupunta sila sa rooftop na nasisilayan ng mainit na araw o di kaya ay nakikipaglaro sila sa alagang pagong sa klase bilang pagpapahinga. Masaya ako kapag nakakarela at nagiginhawaan ang pakiramdam ng mga bata, dahil nakikitaan ko sila muling ngumiti. Mula ngayon mas seryosohan na ang pag-ensayo para sa graduation ceremony. Nais kong gugulin ng maayos ang mga huling oras upang maibigay ko ang magandang ala-ala ng pagtatapos at pagsulong ng baitang sa mga bata sa gitna ng kaabalahan.

Grade 5

(Adviser)

"Ano ang upper grade?"—Tanong na palaging tinatanong sa buong taon.

Ang mga Grade 5 na noong Abril ay hindi mawari kung paano kumilos ay isa isa ng nakikitaan ng kumpiyansa sa pagiging aktibo nilang "upper grader" ngayong patapos na ang taon. Noong matapos ang farewell party ng mga Grade 6, at naipasa ang responsibilidad ng pagiging lider sa paaralan, lalo nilang naramdaman ang kahulugan nito. Sa kabilang banda, buhay pa rin ang kanilang pagiging maaliwalas at masayang kalooban. Gusto nilang umakyat sa pinakamataas na baitang tulad ng sarili nila ngayon na 5th grader. Gagawin ang lahat ng makakaya sa natitirang isang buwan!!

Grade 5 Wakakusa

(Adviser)

Noong maging upper grader na, ang baitang na ito ay nag-alaga ng mga bata sa lower grade, aktibo kasama ang mga kaibigan sa iba't ibang baitang sa mga committee activities, at nagkaroon ng maraming pagkakataon na maramdamang "kailangan magsikap!"

Sa farewell excursion noong February 7, nakitaang tinatawag pansin nila ang mga lower grades bilang mga lider ng Tatewari group. Subalit bilang paghahanda sa farewell party sa March, nag-eensayo silang maigi upang "mapasalamatan ang mga 6th graders".

Nakikita na na maaasahan ang mga Grade 5 students.

Grade 4

(Adviser)

Pagkalipas ng 1 taon, upper grade na!, ito ang pakiramdam nila simula Abril. "Gusto kong maging role model para sa mga nasa lower grade", "Gusto kong ipamahagi sa mga 3rd graders ngayon ang mga natutunan ko noon sa mga 4th graders"- itong mga palaisipan ng mga bata ay unti-unting nagkaroon ng katotohanan sa loob ng isang taon.

Mga 4th graders na nagkaroon ng maraming pagkakataon mahawakan ang mga totoong bagay sa pamamagitan ng kanilang mga off-school learning. At sa kahit saan mang field trip na pinuntahan nila, naunawaan nila ang mga damdamin ng mga manggagawa at naipahayag nila ang kanilang pasasalamat. Lumago ang interes nila sa mga taong sumusuporta sa ating pamumuhay at gayundin ang pagnanais nila na magbigay pasasalamat sa mga ito.

Maaasahan ang gradong ito dahil pinag-uusapan nila sa isa't isa ang solusyon ng anumang problemang hinaharap nila.

Grade 4 Wakakusa

(Adviser)

Umakyat sila sa Grade 4 at gayun na lamang ang bilis ng paglipas ng isang taon. Malugod na tinanggap ng mga Grade 4 students ang bago nilang mga kaibigan at sa bagong relasyong ito lumabas ang kanilang mga pagkatalo.

Sa pamamagitan ng mga kaganapan gaya ng off-school learning, Wakakusa interaction, Megamiko learning camp, sports day, exhibition at iba pa, lumago ang kanilang pakikipagkaibigan at pakikisama kasabay ng paglago ng kanilang puso at isipan.

Simula Abril, upper grader na sila. Magsisimula na rin silang makasama sa committee activities at dadami na ang pagkakataon nilang maging aktibo sa paaralan. Nais kong ipakita nila ang kanilang kabutihan at gampanan ng aktibo ang kanilang papel.

Sa natitirang isang buwan, nais kong ipunin nila ang kanilang makakaya, buuin ang tiwala sa sarili at sumulong!

《Editor's Note》



Taos pusong nagpapasalamat muli kami sa inyong pagbabasa ng ating school newsletter na "Bridge" ngayong school year. Sana'y naihatid namin sa inyo ang mga kaganapan sa paaralan, special activities at pang-araw araw na sitwasyon ng mga bata. Mangyaring ipagbigay alam sa amin kung may puntong kailangang bigyan ng pansin.

(Editor :)

☆Kung Ikaw ay Konektado at Handa...☆

(Life Guidance Adviser

Maraming salamat pong muli sa inyong kooperasyon ngayong taon. Sa pamamagitan ng mga buwanang disaster drills at iba pa natutunan ng mga bata kung paano protektahan ang sarili sa panahong may mangyaring sakuna.

9 na taon na ang nakakalipas mula noong Great East Japan Earthquake. Ngayong taon ay naging kapansin kapasin naman ang "pinsala ng bagyo". Sa palagay ko natuturuan tayong muli na kapag nangyayari ang mga natural na kalamidad mahalaga ang koneksyon ng mga pamilya at koneksyon sa komunidad. Upang masuportahan ang bawat isa mahalaga ang "koneksyon" sa pang-araw araw na buhay. Gayundin mahalaga ang "paghahanda". Mahirap pigilan ang mga sakuna, ngunit kaya nating paghandaan ito sa iba't ibang sitwasyon. At dahil hindi rin natin alam kung kelan mangyayari ang mga sakunang ito, maaari mong itanong sa ibang mga pamilya "Sa ganitong sitwasyon, anong gagawin mo?" Gayundin, maari kayong magsabihan ng inyong countermeasures, "Mabuti kung maihahanda mo ito".

Ang multilingual version ay ipo-post sa homepage sa mga susunod na araw.

Mangyaring tignan ang homepage ng ating paaralan:

<http://www.shinjuku.ed.jp/es-higashitoyama/>